

*Panimula***Kababaihan:  
Kalamidad, Cybersex, at Counseling****Judy M. Taguiwalo**Departamento ng Araling Kababaihan at Pag-unlad  
CSWCD, UP Diliman

**TATLONG PAPEL NG TATLONG GURO SA UP DILIMAN** ang laman ng seksyong ito ng dyornal. Ang mga ito ay tumatalakay sa tatlong sitwasyong kinakaharap ng kababaihang Filipino sa ngayon: ang kalamidad, ang *cybersex* sa panahon ng *information and communications technology* at ang pam-bubugbog sa kababaihan sa loob ng tahanan.

Sa kanyang akdang "Baha, Bakwet: Implikasyon ng Kalamidad sa Kakayahan ng mga Kababaihang Naninirahan sa Evacuation Center ng Brgy. San Vicente, Angono" tinalakay ni Victor G. Obedicen kung paano lalong pinalalala ng mga kalamidad ang buhay ng kababaihan at lalong nagpapalakas sa pagsasantabi sa kanila. Nagdaos si Obedicen ng ginabayang talakayan sa limang nanay na noong 2009 sa panahon ng pananalanta ng bagyong Ondoy ay lumikas (nagbakwet) sa isang *covered basketball court* at muling bumalik doon nang kasagsagan ng Habagat noong 2013. Isinalarawan at sinuri ng pag-aaral ang sitwasyon ng mga ina sa mga *evacuation centers* pagkatapos ng kalamidad at ang dagdag na mga pasanin at panganib na kanilang dinadala. Nitong nakaraang mga limang taon, halos taon-taong sinalanta ng kalamidad ang Pilipinas at tinatayang maging regular na bahagi na ito sa takbo ng panahon sa ating bansa. Ang pag-aaral na ito ay muling nagdidiin sa kahalagahan ng pag-oorganisa ng mga komunidad para maharap ang paghahanda sa mga

kalamidad at ang pagkilala sa natatanging mga pangangailangan at bulnerabilidad ng kababaihan, gayundin ang kanilang kontribusyon sa pagharap sa mga kalamidad.

Tinalakay ni Nathalie A. Verceles sa "Uncoerced Cybersex by Low-Income Women Using Information and Communication Technologies (ICTs)" ang relatibong bagong penomenon sa panahon ng globalisasyon: ang *cybersex* o ang "*lascivious exhibition of sexual organs or sexual activity*" *online*. Ang komersyalisadong *cybersex* ay mangangahulugan na ginagawa ito kapalit ng pera. Sa pamamagitan ng *in-depth interview* sa isang babaeng sangkot sa *commercial cybersex*, binaybay ni Verceles ang proseso ng mga transaksyong *cybersex*, ang mga taong sangkot dito at ang aktwal na karanasan ng *cybergirl*. Ayon sa *cybergirl*, ang kanyang pagiging sangkot sa *commercial cybersex* ay hindi sapilitan: walang presyur, pamimilit, intimidasyon, dominasyon o kontrol kaya tinuturing ito ng may-akda na *uncoerced cybersex*. Kontrobersyal ang puntong inihahapag ng pag-aaral na ito kaugnay ng interpretasyon ng "*development as freedom*" ni Amartya Sen at ang pagpili ng *cybergirl* ng *commercial cybersex* bilang pagkakakitaan at hindi ang ibang mapagkakakitan sa impormal na ekonomiya na malinaw na mas mababa ang kita. Dahil ang pag-aaral ay nakabatay sa iisang panayam, bagamat malaliman at masaklaw ito, mangangailangan ng dagdag na pag-aaral para mapalawak pa ang ating pagkaunawa sa isyu ng *commercial sex* sa panahon ng ICTs at ang *agency* at *choice* ng kababaihang mahihirap mula sa Ikatlong Daigdig sa panahon ng globalisasyon.

Ang katangian ng karahasang dinaranas ng mga kababaihang biktima ng *wife battering*, ang kanilang mga pangangailang ng *counseling* at ang mga istrategiya ng feministang *counseling* ang laman ng pag-aaral ni Jaclyn Marie L. Cauyan na may pamagat na "*Counseling Needs of Battered Women and Counseling Strategies: A Study by a Feminist Counselor.*" Ayon sa kanya:

Guidance and Counseling, being a field of study and practice, has a lot to offer in the empowerment of battered women who need a counselor who could help them overcome difficult circumstances. However, addressing women issues requires a paradigm shift because traditional therapeutic approaches are criticized for failing to address the needs of abused women. Feminist counseling challenges conventional beliefs, structures, and orientations. Guidance and counseling practitioners and educators taking on feminist lens can accomplish a great deal for abused women clients.

Ang mga pag-aaral na ito ay muling nagpapatunay sa katangiang *multidisciplinary* ng araling kababaihan. Ang pananaliksik ni Obedicen sa kababaihan at kalamidad ay tinatanglawan ng perspektiba ng *community development* na may malinaw na tindig laban sa opresyon ng kababaihan. Ginamit naman ni Verceles ang peministang liberal na perspektiba bilang bahagi ng kanyang bakgawnd sa araling kababaihan at kaunlaran. Nililinaw naman ni Cauayan na ang *counseling* sa kababaihang binubugbog sa loob ng tahanan ay nagiging mas epektibo at mas sensitibo kung ginagabayan ito ng peministang paninindigan at paraan.

Ang kontribusyon ng mga akdang ito ay hindi limitado sa *academic scholarship*. Ang tatlong akda ay nagbibigay ng malinaw na mga rekomendasyon para mapabuti ang kalagayan ng kababaihan batay sa resulta ng kanilang pananaliksik. Akma ito sa esensya ng araling kababaihan at peministang pananaliksik bilang *scholarship* at adbokasiya.